

# REGISTER NG WIKA SA MGA MANGINGISDA

## (REGISTER LANGUAGE OF FISHERMEN)

**Floresa S. Silawan, MAED**

Teacher II

San Isidro National High School  
San Isidro, Sogod, So. Leyte

**Norlyn L. Borong, Ed.D.**

Associate Professor I

Southern Leyte State University-Tomas Oppus  
nborong@southernleytestateu.edu.ph

**Abstract-** This study aims to identify the register language of the fishermen of Southern Leyte specifically in the Sogod Bay Area. The descriptive method using the survey was used in the study. The participants were taken from the town of Sogod Bay Area. Fishermen were made participants. The towns covered by the Sogod Bay Area are Padre Burgos, Malitbog, Tomas Oppus, Bontoc, Sogod, Libagon, Liloan, San Francisco, Pintuyan and San Ricardo. A questionnaire was employed. The study's analysis revealed that the fishermen in Southern Leyte's Sogod Bay Area speak a wide variety of officially recognized languages. Although their terminologies are used infrequently, they are almost same and almost dissimilar. The researchers concluded from their findings that it is important to grasp what is being said in order for the speaker and the listener to communicate effectively, particularly when only fisherman use certain terms and they are not generally used. The researcher suggested that the developed glossary of the registered languages of the fishermen will be used as a supplementary materials and there will be similar study about the analysis of the phonological and morphological form to better describe the characteristics of the language of the fishermen of the Sogod Bay Area of Southern Leyte.

**Keywords— communicate effectively; glossary terminologies; variety**

Abstrak

Nilalayan ng pag-aaral na ito ay makilala ang *register* na wika ng mga mangingisda ng taga-Southern Leyte partikular sa Sogod Bay Area. Ang pamaraang deskriptibo o palarawan gamit ang sarbey ang ginamit sa pag-aaral. Mula sa bayan ng Sogod Bay Area ang kinuhang mga kalahok. Mga mangingisda ang ginawang mga kalahok. Ang mga bayan na nasasakop sa Sogod Bay Area ay Padre Burgos, Malitbog, Tomas Oppus, Bontoc, Sogod, Libagon, Liloan, San Francisco, Pintuyan at San Ricardo. Talatanungan ang instrumentong ginamit. Natuklasan mula sa ginawang pagsusuri ng pag-aaral na timbulan ng mga *register* na wika ang mga mangingisda sa Sogod Bay Area ng Southern Leyte. Halos magkaiba at mayroon ding magkapareho ngunit bihira lamang ang kanilang mga terminolohiyang ginamit. Ang

*register* ng mga mangingisda ay may kanya-kanyang barayti ang katawagan. Mula sa natuklasan napagtanto ng mga mananaliksik na mahalagang alamin kung ano ibig sabihin nito nang sa gayon ay magkakaunawaan ang tagapagsalita at ng nakikinig, lalo na at ang mga salitang iyon ay hindi karaniwan sa lahat, tanging mga mangingisda lamang ang siyang gumagamit. Iminungkahi ng mananaliksik na ang nabuong glosaryo ng mga *register* na wika ng mga mangingisda ay gagamitin at magkakaroon pa ng ibang pag-aaral katulad nito tungkol sa pagsusuri sa anyong ponolohikal at morpolohikal upang mas mailalarawan ang katangian ng wika ng mga mangingisda ng Sogod Bay Area ng Southern Leyte.

### **MGA SUSING SALITA:**

Tagapagsalita; glosaryo; terminolohiya; timbulan

### **Introduction**

Ang *register* ay isa sa mga uri ng varayti ng wika. Ang varayti ng wika ay ang pagkakaroon ng natatanging katangiang nauugnay sa partikular na uri ng sosyo-sitwasyunal na makatutulong sa pagkilala sa isang partikular na varyasyon o varayti ng wika. Kabilang sa mga varayting ito ay ang *register*. Ang *register* ay varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag.

Ang tao ay gumagawa para mabuhay at sa kanyang paggawa, gamit niya ang wikang higit na makatutulong sa kanya upang siya ay lubos na maunawaan tungo sa pagtugon sa kanyang mga pangangailangan. Ang bawat uri ng tao ay may kanya-kanyang grupong kinabibilangan na mayroon ding sariling wikang ginamit sa kanilang sariling pamumuhay. Ito'y patuloy na umuusbong dahil ang wika ay nagbabago at hindi ito maaaring tanggihan ang pagbabago.

Ang isang komunidad ay binubuo ng mga sektor o iba-ibang grupo ng mga indibidwal na may sarili o kanya-kanya ring paraan ng paggamit ng wika gaya sa kasariang kinabibilangan, ng mga bakla, mga magsasaka at iba pa. May mga salita at anyo silang paggamit ng wika na naglalahad din ng tiyak na gamit nito na ayon sa kanilang grupo o komunidad (Pantorilla et al, 2020). Ayon sa kanilang pag-aaral may nabubuong mga salita at kahulugang maiugnay sa hanapbuhay. Sa pangkat naman ng mga mangingisda, nabanggit sa pag-aaral ni Hernandez (2019) na mayroong itong katangi-tanging wika sa bawat aspeto nito. Sinasabing ang wika ay buhay

dahil bukas sa pagpasok ng mga bagong salita ayon sa pangangailangan ng panahon. Sa aklat ng Komunikasyon at Pananaliksik Tungo sa Wika at Kultura ni Marquez (2016) ay nagsabing ang wika ay dinamiko at patuloy na nagbabago, dumarami at nadadagdagan. Ibig sabihin, ang pagkakaroon ng pagkakaiba-iba sa wika ay hindi makasasama. Maaari itong tingnan bilang isang proseso ng pag-unlad at pagyabong, isang magandang pangyayari sa pagpapayaman sa wika. Tandaan na maraming salita ang nagkakaiba-iba ng kahulugan ayon sa larangang pinaggamitan. Natutukoy lamang ang kahulugan nito kung malalaman ang larangang pinaggamitan nito.

Ayon sa pag-aaral ni Sandi (2012) ang mga Mangayan na mangingisda ng Probolinggo ay gumamit sila ng register na wika sa tiyak na sitwasyon tulad ng pagbebenta ng isda, pagtatrabaho sa dagat, paggawa ng pukot, at pagproseso ng isda upang madali silang magkaintindihan sa kanilang pakikipagkomunikasyon bilang mga mangingisda. Gumamit sila ng mga register na wika na mas madaling maunawaan ng mga tao sa komunidad. At ito ay mangyari kapag pareho ang kanilang karanasan, propesyon, kaalaman, bilang mga mangingisda.

Ayon kay Da Rosa (2017) mahalagang matukoy ng tao ang wika kung sa anong larangan kung saan ito ginamit upang hindi magkamali ang pagbigay ng kahulugan at maging madali ang pag-unawa rito. Ang *register* ay varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag. Ang *register* ay ang tanging paggamit ng wika sa isang larangan o bahaging-larangan na siyang tugon sa intelektwalisasyon ng wika. Sa Leyteñong binisaja may salita ring nagkakaiba ang kahulugan depende kung sa anong kontekstong sosyal siya napabilang. Tulad halimbawa ng salitang *bija* sa ordinaryong tao ito ay *naiwan*, sa mga negosyante ito ay *walang kalidad* o *pangit*, at sa mga sabungero ito ay *dehado* o *kukunti lamang ang pusta*.

Hindi matatawaran ang kahulugan at kabuluhan ng wika sa bawat grupo ng mananalita. Isang mahalagang instrumento ito sa pakikipag-ugnayan ng mga tao saan mang bahagi ng lalawigan/rehiyon o bansa ang pinanggagalingan nila. Napagkasusundo nito ang iba't ibang grupo o nagkakaroon ng pagkakaintindihan ang dalawang magkaibang ispiker/mananalita dahil sa wikang nagbibigkis sa kanilang damdamin at kamalayan (Almario, 2017).

Dulot ng mabilisang pagbabago at pag-iral, maraming salita ang nadagdag kaya minsan nagiging masama ang impluwensya nito sa bawat isa. Minsan nakaiinsulto, minsan nakaaaliw pero nakadepende pa rin sa taong gumagamit, paraan ng paggamit at ang taong tagapagtanggap. Sa isang akademikong pagbasa, madalas nakatatagpo ng mga salitang iba ang kahulugan o hindi akma ang pagkagamit dahil sa kahulugang taglay nito.

Nahikayat ang mga mananaliksik na bumuo ang pag-aaral na ito upang makatulong sa dakilang

adhika ng kagawaran ng edukasyon sa ilalim ng ng programang MTB MLE dahil sa tuwing dadalo ng mga seminar sa dibisyon isa sa mga hinaing ng mga gurong nagtuturo ng Mother Tongue ay ang kakulangan ng glosaryo ng Southern Leyteñong wikain samakatuwid ang magiging awtput ng pag-aaral na ito ay nagiging isang gabay upang matulungan ang mga guro na mapagaan ang pagtuturo sa programang MTB-MLE. Nilalayan ng pag-aaral na ito ay makilala makilala ang mga temang napaloob at kaluhugan ng mga *register* na wikang ginamit ng mga mangingisda at magsasaka ng Sogod Bay Area ng Southern Leyte.

## RESEARCH OBJECTIVES

Nilalayan ng pag-aaral na ito ay makilala ang register ng wika ng mga mangingisda ng taga-Southern Leyte partikular sa Sogod Bay Area.

Sinagot ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. Makilala ang mga *register* na salita ginamit mga mangingisda.
2. Makilala ang mga kahulugan ng mga register na salita na ginamit ng mga mangingisda.

## RESEARCH METHODOLOGY

Ang pamaraang deskriptibo o palarawan gamit ang sarbey ang ginamit sa pag-aaral na ito upang makakalap ng mga impormasyon tungkol sa mga *register* na wika sa taga-Sogod Bay Area. Ipinaliwanag ni Best (1963), na ang palarawang pananaliksik ay isang imbestigasyon na naglalarawan at nagbibigay kahulugan sa kung ano. Ito ay may kinalaman sa mga kondisyon ng mga ugnayang nagaganap, mga gawaing umiiral, mga paniniwala at prosesong nagaganap, mga epektong nararamdaman o mga kalakarang nadedelop. Angkop ang desinyong ito upang maipakita ang varayti ng wika ng Sogod Bay Area sa lalawigan ng Southern Leyte.

### Lugar ng Pananaliksik

Ang probinsiya ng Southern Leyte ay napabilang sa Rehiyon VIII (Eastern Visayas). Ang pangingsda ay isa sa mga pamumuhay ng mga tao rito. Sa pag-aaral na ito mga bayan mula sa Sogod Bay Area ang kinuhang mga kalahok. Ang mga bayan na nasasakop sa Sogod Bay Area ay Padre Burgos, Malitbog, Tomas Oppus, Bontoc, Sogod, Libagon, Liloan, San Francisco, Pintuyan at San Ricardo.

Ang kalahok ng pag-aaral na ito ay mga taong may pamumuhay na pangingsda. Mula sa bayan ng Sogod Bay Area ang kinuhang mga kalahok. Mga mangingsda ang binigyang-diin ng pag-aaral na ito dahil ito ang karamihang pamumuhay ng mga taga-Sogod Bay Area. Mula sa nakuhang impormasyon sa Statistic office sa Maasin City 43% sa mga Southern Leyte ay pangingsda ang pamumuhay. Bawat bayan ng Sogod Bay Area ay kumuha ang mananaliksik ng sampung magsasaka at mangingsda na may edad na dalawampu pataas. Talatanungan ang instrumentong ginamit para sa pag-aaral na ito. Mga tanong tungkol sa estado ng kanilang pamumuhay, mga proseso at mga paraan ng pangingsda, mga kagamitang

ginamit, at iba pang tanong na may kinalaman sa kanilang pamumuhay. Ang mga salitang nakuha mula sa mga kalahok ang ginamit bilang instrumento sa pag-aaral na ito. Ang mga salitang nakalap ay sinuri at kinakategorya. Ginawa ang interbyu sa bakanteng oras ng mga kalahok. Bukod sa *fieldnotes* gumamit din ang mga mananaliksik ng *video* at *recorder* sa panahon na pakikipanayam. Ginawa ang *survey* at interbyu sa panahon na bakante ang mga kalahok. Ginamit ng mga mananaliksik ang binuong *open-ended questionnaire* upang makuha ang mga register na salita ng mga mangingisda. Pagkatapos nalikom lahat ng datos ay hinanay ng mga mananaliksik ang mga *register* na wika ng mga mangingisda ayon sa kategorisasyon at nilapatan ng kahulugan ang bawat *register* na wika.

Ginamit ng mananaliksik ang *Thematic Analysis*, ayon sa pag-aaral ni Caufield (2019) ito ay isang paraan sa pag-aanalisa ng kwalitatibong datos. Ito ay karaniwang ginamit sa grupo ng mga tekstong gaya ng panayam. Masusing sinuri ng mananaliksik ang mga temang pagkakapareho ang paksa, ideya, at ang kahulugan. Isa sa paraan ng *thematic analysis* ay *coding*, ayon nina Stress at Cobin (1990) ito ay isang proseso ng pagpili ng *core* kategorya, na may kaugnayan ito sa iba pang relasyon at pagpapatunay sa mga relasyon.

## THE FORMULATION AND DISCUSSION

Ang inilahad sa Talahanayan 1 ay nakatuon sa mga *register* na wika at kahulugan nito na ginagamit sa mangingisda. Nakalahad dito na ang wika ay natatangi dahil sa pagkakaroon ng barayti nito. Dahil makikita sa talahanayan na may mga katawagang nakabatay sa paraan ng **pangingisda, kagamitan ng mangingisda, panahon at estado ng dagat.**

Ang paraan ng pangingisda ay tumutukoy ito sa proseso kung paano ang taga-Sogod Bay Area mangunguha ng isda. Sa paraan ng pangingisda mapapansin na may maraming mga katawagan. Kung titingnan ang resulta may maraming mga terminolohiya kung paano ang pagkuha ng isda. Tulad ng **pamasol**, kung pansinin ang Talahanayan 1 may marami itong paraan. Halimbawa nito ay salitang *bira-bira* (*pamasol*, tinawag din itong *untog*), *buga-buga* (*pamasol* gamit ang ata (*itim*) sa nokos sa piliw), *bugto* (*pamasol* ng isda kung saan ang nokos ang ipapakain, tinawag din ito *bat-og*), *buntaw-buntaw* (*pamasol* na ihagis ang *pasol*), *hutik* (*pasol* sa gitna ng *dagat* na may 80 na talampakan ang lalim), at marami pang iba.

Ang *register* na wikang **bira-bira** ay hindi lang ito ang wikang ginagamit ng Sogod Bay Area kundi may iba pa itong katawagan gaya ng *untog*, *itunod*, *pasol*, at *awil-awil*. Samantalang sa *buga-buga* ang tawag sa tatlong bayan na gumagamit nito ang Padre Burgos, Liloan, at San Francisco. Ang mga bayang hindi nabanggit ay wala sila nito dahil ayon sa kanila hindi sila gumamit ng pambitag o paon panghuli ng isda. Ang **bugto**, *bat-og* ay tinatawag din itong *kabir*, makikita na magkaiba ang mga *register* ngunit pareho silang gumagamit ng nokos o pusit bilang pambitag sa

paghuli ng isda. Ang **buntaw-buntaw** ay tinatawag din itong *labjog* at *itsa-itsa*. May iba ding katawagan ang **hutik** tulad ng *kantil*, *pauro*, *manuro*, *diwit*, *untog*, at *dagodok*, halos iba-iba ang katawagan nito bawat bayan ng Sogod Bay Area. Mapansin na maraming paraan ang pamasol o paraan ng pagkuha ng isda gamit ng *taga* (*kagamitan*). Isa sa mga nakatawag pansin ng mananaliksik ang salitang *bugto* dahil ang salitang *bugto* ay nangangahulugan ng *naputol* ngunit sa mangingisda ang ibig sabihin nito ay uri ng isda ng ilagay sa taga para makakuha ng isda. Ganoon din ang salitang *mais-mais* isang katawagang na hindi pamilyar sa hindi mangingisda.

Maituturing din itong paraan ng pagkuha ng isda na nangangahulugan lamang ito na bawat okupasyon ay may sariling wika na ang mga wikang ito ay nagbibigay pagkakakilanlan. Kapag banggitin ang salitang *pukot* at *taga* agad makilala ng mga kausap na ito ay mangingisda. Ang *pukot* at *taga* ay walang pagkakaiba sa katawagan sa alinmang bayan ng Sogod Bay. Makikita sa talahanayan na kapag kagamitan ang pag-uusapan halos wala itong ibang katawagan kung mayroon man ito ay iilan lamang tulad ng *latang*, *palatik*, *dasag*, at *bahi* ito ang tawag sa kahoy na inilagay sa katig ng baroto ngunit kapag ito ay tumutukoy sa kaparaanan ng pagkuha ng isda ay nagkakaroon ito pagkakaiba.

Naniniwala si Keller (2018) na may mga mag-aaral na may iilang wika ng kanilang mga magulang ay hindi nila kabisado. Dahil ang wika ay may mga antas o lebel sa pormalidad na paggamit. Ibig sabihin may mga *register* na salita ng mga magulang na hindi maririnig ng kanilang mga anak sa loob ng bahay dahil gagamitin lang ito sa okasyon. Halimbawa kapag ang kausap ng mangingisda ang kapwa mangingisda ang mga salitang may kaugnayan sa kanilang trabaho ang kanilang gagamitin. Kapag kausap ang kanilang mga anak maaring pangungumusta sa kanilang pag-aaral, pag-uutos na bibili sa tindahan, at iba pa.

Isa sa mga kategoryang nakikita sa mga *register* na wika ay ang panahon. Ito ay ang pinagbabasehan ng mga mangingisda sa tuwing sila ay mangunguha ng isda at nokos. May iba't ibang katawagan din sa panahon ng mga mangingisda. Tulad ng *dumagsa* na ibig sabihin maganda ang panahon, *kanaway* ibig sabihin alon mula sa amihan, *kadodman* nangangahulugang walang buwan, *kolyada* ibig sabihin malakas ang hangin, *subasko* malakas ang hangin na may kasamang ulan, at marami pang iba. Katulad sa kagamitan kung panahon sa dagat ang pag-uusapan ay wala itong pagkakaiba halos magkakapareho ang mga *register* na ginagamit sa partikular na sitwasyon tulad ng *kolyada* ang salitang ito ay ginagamit sa halos lahat ng bayan ng Sogod Bay. Ang *kadodman* naman ay ginagamit sa anim na bayan tulad ng Malitbog, Tomas Oppus, Bontoc, Sogod, Libagon, at Liloan at ang 4 na bayan ay gumagamit ng *way buwan*. Ang *subasko* naman katulad lang din sa *kadodman* na mas maraming bayan ang gumagamit at ang ibang bayan ay gumagamit ng *kalit na hangin kolyada* at *unos*. Ganoon din sa *kanamay* halos lahat ng bayan ang

gumagamit nito maliban sa dalawang bayan kung saan tinawag itong *hangin* sa Padre Burgos at *labid* naman ang tawag sa San Ricardo. Ang *dumagsa* ay tinatawag din ng ibang bayan na *hangin*, *timpo* at *pahuwaw*. Ang wikang Filipino ay naiintindihan ng halos lahat ng Pilipino dahil tinuturo ito sa paaralan mula elementarya hanggang kolehiyo. Pero ang mga salitang nakatala sa Talahanayan 1 ay mga wikang kinagisnan ng Sogod Bay Area partikular sa mga mangingisda ay hindi naintindihan at naunawaan ng karamihang mga kabataan. Ayon kay Rellin (2017) sa larangan ng pagtuturo mahalaga ang pagkakaroon ng mga gurong may malinaw na pananaw tungkol sa konsepto ng barayti at baryasyon ng wika. Para makikita ng mga mag-aaral ang mga kakaibang wika sa lipunan at maiwasan ang mababang pagtingin sa mga wika ng mga taong hindi kapangkat. Nagpapahiwatig lamang ito na ang mga nakalap na mga *register* na wika ay gamitin sa klase upang makilala ng mga mag-aaral ang mga wika sa kanilang mga magulang o sa mga mangingisda. Ipinaalaala pa ni Rellin (2017) na huwag sayangin ang yaman ng wika na nasa pintuan ng ating mga silid-aralan. Huwag pabayaang na ang mga dayuhan o taga-ibang lugar ang tumuklas nito. Sinabi rin ni Bacalla (2020) bawat guro ay kailangang may mahalagang pag-unawa sa usaping pangwika upang matugunan ang konseptong may mababa at mataas na wika. Tandaan walang wika na mababa at mataas. Ipinahiwatig lamang na ang mga wika ng mangingisda ay parehong bigyan ng mahalagang pansin.

Ang huling kategorya ng mga *register* na wika ng mangingisda ay ang **estado ng dagat**. Tinatawag itong *estado ng dagat* ng mananaliksik dahil inilalarawan dito kung kailan at paano makilala ng mangingisda na magkakaroon sila ng maraming makukuhang isda. Ang katawagang *duot* ay isa mga katawagang personal na narinig ng mananaliksik. Habang ginawa ang interbyu ng mga kalahok doon sa baybayin biglang sumigaw ang isa sa mga kalahok *kuhaa ang pukot kay naay duot sa isda (Kunin ang pukot may maraming isda)*. Nalalaman nila na may maraming isda dahil sa hitsura ng dagat. Naobserbahan ng mananaliksik na parang mga maliliit na alon lamang pero sinabi ng mga kalahok ang galaw na ito o hitsura ay nagpapahiwatig ito na may mga grupo na isda na dumaan. *Duot* ang tawag dahil kung titingnan parang tinulak ang hitsura na dagat. Ang *duot* ay tinawatag din ito ng *lutaw* sa Libagon at *lapnoy* naman sa Pintuyan. Ang salitang *lutaw* ay isa mga *register* na wika sa mga mangingisda kung saan ang mga hindi mangingisda ang magbigay ng kahulugan tulad ng mananaliksik bibigyan ito ng kahulugan na palutang-lutang pero ang kahulugan nito sa mangingisda ay *tatalon-talon sa ibabaw ng dagat o tubig ang isda, hinahabol din ito ng mga isdang kakain sa kanila*. Ang *lutaw* naman sa ibang lugar ng Sogod Bay ito ay tinatawag na *kapaw, bawo, lumod, at apaw*.

Ang mga *register* na salita ay hindi na maaring baguhin dahil ito ang nagpatatak sa kanilang propesyon. Habang isinagawa ang pananaliksik na ito

sinubukan ng mananaliksik na tinanong ang mga kabataan na anak ng mga mangingisda ang mga katawagan ng kanilang mga pamamaraan ng pangangisda, mga kagamitan, at iba pa. Natuklasan naging matumal ang kanilang mga kasagutan dahil kasabay sa pag-usad ng buhay ng mga modernong wika ay hindi pinahahalagahan ng mga kabataan ang katawagan ng kanilang mga magulang.

Ayon ni Nato (2017) ang mga *register* na wika sa isang partikular na trabaho ay umuusbong o mapanatili kung maraming magmamalasakit sa mga wikang ito. Ang pag-aaral ng mga *register* na wika ay maituturing na pagpapausbong sa mga paksang pangwika sa kadahilanang pumapaloob ito sa konteksto ng lokalisasyon kung saan nabibigyang-puwang ang kahalagahan ng mga lokal na wika. Mababatid na ang mga wikain ng mga magsasaka at mangingisda ay maituturing na pekulyar para sa mga bagong henerasyon. Ipinaliwanag din ni Bautista (2015) na marami ng nag-aaral sa mga wikain sa Bisaya. Iba-iba ang mga sinuri, may nagsusuri sa mga morpolohikal na varyasyon, ponolohikal na varyasyon, pagsusuri sa mga bahagi ng pananalita, estruktura ng wika, at marami pa. Isa ito sa mga napapanahon pag-aaral na makatutulong sa kadalasang suliranin sa pagtuturo ng Mother Tongue. Nangangahulugan lamang na ang mga nakatalang resulta sa bawat talahanayan ay makabuluhan lalo na sa mga guro at mga mag-aaral dahil ang *register* na wika ay isa sa mga paksang binigyan-diin sa hayskul.

**Talahanayan 1: Mga Register na Wika ng mga Mangingisda**

Kategoriya	Katawagan	Padre Burgos	Maiting	Yamas	Bonito	Sogod	Libagon	San Francisco	Pintuyan	San Ricardo
Pangunahing mga salita	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
Mga salitang ginagamit ng mga mangingisda	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda
	ang isang uri ng isda na ang mga mangingisda ay tinatawag ito	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda	isda

Sa hindi mangingisda maaring bigyan itong kahulugan na isang laruan na mais ang hitsura. Isa sa mga nakatawag pansin ng mananaliksik ang ipinaliwanag ng mga mangingisda tungkol sa bubo. Ito ay paraan ng pagkuha ng isda gamit ang mga kawayan. Tinatawag itong bubo dahil ang mga isdang pumasok dito ay mga bubo dahil kapag makapasok na sa bubo ay hindi na makalalabas. Ang *bubo* na siyang ginagamit ng mga mangingisda ay wala itong ibang pangalan, ang sampung bayan

ng Sogod Bay Area ay pareho ang kanilang tawag dito ngunit silay nagkakaiba na lamang gaya ng pagtingin ng bubo kung mayroon ng laman tulad ng *sulihon*, *tibaw*, at *tibawon* kung papaano ito kukunin mula sa laot gaya ng *bukad*, *suhot*, *taw-as*, at *lukas*, ang pagkuha sa isda sa loob nito tulad ng *bukad*, *lukason*, *gahid*, *birahon*, at *bukaron*. Samantala sa mangingisda ito ay paraan ng pagkuha na isda tulad ng pamasol sa isda o bingwit. Ang resultang ito ay may kaugnayan sa pahayag ni Pasion (2015), na nagsabing ang wika ay katangi-tangi. May mga salitang pareho ang baybay at pareho ang bigkas iba-iba ang kahulugan, ito ay tinatawag na baryasyon. Ang pahayag na ito ay pinatunayan sa resultang ito.

Ang kagamitan ng pangingsda ito ay mga kagamitan o instrumento o kaya'y bagay na ginamit ng mga mangingisda sa pagkukuha ng isda at nokos. Sa mga kagamitan ng pangingsda iniisa-isa rin dito ang mga katawagan ng mga kagamitan na ginamit ng mga mangingisda. Maraming mga katawagan ang mangingisda na kakaiba. Ang mga register na salitang nakatala ay nagpapahiwatig na upang tanggapin ang tao sa isang lipunan kailangang magkakaroon ng ideya ng mga salita na ginamit sa kapwa. Nagpapahiwatig lamang na ang tao ay gumamit ng wika upang mabisang ipahayag ang kanilang mga ideya, damdamin, saloobin, emosyon at paniniwala sa pangkat na kanilang kinabibilangan. Madaling makakamit ng pagkakaisa gamit ang wastong wika sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa oras, sitwasyon o pamamaraan sa buhay. Sa ibinahagi ng mga kalahok marami silang mga *register* na salita na tanging silang mangingisda lamang ang nakaunawa.

Maituturing din itong paraan ng pagkuha ng isda na nangangahulugan lamang ito na bawat okupasyon ay may sariling wika na ang mga wikang ito ay nagbibigay pagkakakilanlan. Kapag banggitin ang salitang *pukot* at *taga* agad makilala ng mga kausap na ito ay mangingisda. Ang *pukot* at *taga* ay walang pagkakaiba sa katawagan sa alinmang bayan ng Sogod Bay. Makikita sa talahanayan na kapag kagamitan ang pag-uusapan halos wala itong ibang katawagan kung mayroon man ito ay iilan lamang tulad ng *latang*, *palatik*, *dasag*, at *bahi* ito ang tawag sa kahoy na inilagay sa katig ng baroto ngunit kapag ito ay tumutukoy sa kaparaanan ng pagkuha ng isda ay nagkakaroon ito pagkakaiba.

Naniniwala si Keller (2018) na may mga mag-aaral na may iilang wika ng kanilang mga magulang ay hindi nila kabisado. Dahil ang wika ay may mga antas o lebel sa pormalidad na paggamit. Ibig sabihin may mga *register* na salita ng mga magulang na hindi maririnig ng kanilang mga anak sa loob ng bahay dahil gagamitin lang ito sa okasyon. Halimbawa kapag ang kausap ng mangingisda ang kapwa mangingisda ang mga salitang may kaugnayan sa kanilang trabaho ang kanilang gagamitin. Kapag kausap ang kanilang mga anak maaring pangungumusta sa kanilang pag-aaral, pag-uutos na bibili sa tindahan, at iba pa.

Isa sa mga kategoryang nakikita sa mga *register* na wika ay ang panahon. Ito ay ang pinagbabasehan ng mga mangingisda sa tuwing sila ay mangunguha ng isda at nokos. May iba't ibang katawagan din sa panahon ng mga mangingisda. Tulad ng *dumagsa* na ibig sabihin maganda ang panahon, *kanaway* ibig sabihin alon mula sa amihan, *kadodman* nangangahulugang walang buwan, *kolyada* ibig sabihin malakas ang hangin, *subasko* malakas ang hangin na may kasamang ulan, at marami pang iba. Katulad sa kagamitan kung panahon sa dagat ang pag-uusapan ay wala itong pagkakaiba halos magkakaroon ang mga *register* na ginagamit sa partikular na sitwasyon tulad ng *kolyada* ang salitang ito ay ginagamit sa halos lahat ng bayan ng Sogod Bay. Ang *kadodman* naman ay ginagamit sa anim na bayan tulad ng Malitbog, Tomas Oppus, Bontoc, Sogod, Libagon, at Liloan at ang 4 na bayan ay gumagamit ng *way buwan*. Ang *subasko* naman katulad lang din sa *kadodman* na mas maraming bayan ang gumagamit at ang ibang bayan ay gumagamit ng *kalit na hangin kolyada* at *unos*. Ganoon din sa *kanamay* halos lahat ng bayan ang gumagamit nito maliban sa dalawang bayan kung saan tinawag itong *hangin* sa Padre Burgos at *labid* naman ang tawag sa San Ricardo. Ang *dumagsa* ay tinatawag din ng ibang bayan na *hangin*, *timpo* at *pahuwaw*. Ang wikang Filipino ay naiintindihan ng halos lahat ng Pilipino dahil tinuturo ito sa paaralan mula elementary hanggang kolehiyo. Pero ang mga salitang nakatala sa Talahanayan 1 ay mga wikang kinagisnan ng Sogod Bay Area partikular sa mga mangingisda ay hindi naintindihan at naunawaan ng karamihang mga kabataan. Ayon kay Rellin (2017) sa larangan ng pagtuturo mahalaga ang pagkakaroon ng mga gurong may malinaw na pananaw tungkol sa konsepto ng barayti at baryasyon ng wika. Para makikita ng mga mag-aaral ang mga kakaibang wika sa lipunan at maiwasan ang mababang pagtingin sa mga wika ng mga taong hindi kapangkat. Nagpapahiwatig lamang ito na ang mga nakalap na mga *register* na wika ay gamitin sa klase upang makilala ng mga mag-aaral ang mga wika sa kanilang mga magulang o sa mga mangingisda. Ipinaalaala pa ni Rellin (2017) na huwag sayangin ang yaman ng wika na nasa pintuan ng ating mga silid-aralan. Huwag pabayaang na ang mga dayuhan o taga-ibang lugar ang tumuklas nito. Sinabi rin ni Bacalla (2020) bawat guro ay kailangang may mahalagang pag-unawa sa usaping pangwika upang matugunan ang konseptong may mababa at mataas na wika. Tandaan walang wika na mababa at mataas. Ipinahiwatig lamang na ang mga wika ng mangingisda ay parehong bigyan ng mahalagang pansin.

Ang huling kategorya ng mga *register* na wika ng mangingisda ay ang **estado ng dagat**. Tinatawag itong *estado ng dagat* ng mananaliksik dahil inilalarawan dito kung kailan at paano makilala ng mangingisda na magkakaroon sila ng maraming makukuhang isda. Ang katawagan *duot* ay isa mga katawagan personal na narinig ng mananaliksik. Habang ginawa ang interbyu ng mga kalahok doon sa

baybayin biglang sumigaw ang isa sa mga kalahok *kuhaa ang pukot kay naay duot sa isda (Kunin ang pukot may maraming isda)*. Nalalaman nila na may maraming isda dahil sa hitsura ng dagat. Naobserbahan ng mananaliksik na parang mga maliliit na alon lamang pero sinabi ng mga kalahok ang galaw na ito o hitsura ay nagpapahiwatig ito na may mga grupo na isda na dumaan. *Duot* ang tawag dahil kung titingnan parang tinulak ang hitsura na dagat. Ang *duot* ay tinawatag din ito ng *lutang* sa Libagon at *lapnoy* naman sa Pintuyan. Ang salitang *lutaw* ay isa mga *register* na wika sa mga mangingisda kung saan ang mga hindi mangingisda ang magbigay ng kahulugan tulad ng mananaliksik bibigyan ito ng kahulugan na palutang-lutang pero ang kahulugan nito sa mangingisda ay *tatalon-talon sa ibabaw ng dagat o tubig ang isda, hinahabol din ito ng mga isdang kakain sa kanila*. Ang *lutaw* naman sa ibang lugar ng *Sogod Bay* ito ay tinatawag na *kapaw, bawo, lumod, at apaw*.

Ang mga *register* na salita ay hindi na maaring baguhin dahil ito ang nagpatatak sa kanilang propesyon. Habang isinagawa ang pananaliksik na ito sinubukan ng mananaliksik na tinanong ang mga kabataan na anak ng mga mangingisda ang mga katawagan ng kanilang mga pamamaraan ng pangangisda, mga kagamitan, at iba pa. Natuklasan naging matumal ang kanilang mga kasagutan dahil kasabay sa pag-usad ng buhay ng mga modernong wika ay hindi pinahahalagahan ng mga kabataan ang katawagan ng kanilang mga magulang.

Ayon ni Nato (2017) ang mga *register* na wika sa isang partikular na trabaho ay umuusbong o mapanatili kung maraming magmamalasakit sa mga wikang ito. Ang pag-aaral ng mga *register* na wika ay maituturing na pagpapausbong sa mga paksang pangwika sa kadahilanang pumapaloob ito sa konteksto ng lokalisasyon kung saan nabibigyang-puwang ang kahalagahan ng mga lokal na wika. Mababatid na ang mga wikain ng mga magsasaka at mangingisda ay maituturing na pekulyar para sa mga bagong henerasyon. Ipinaliwanag din ni Bautista (2015) na marami ng nag-aaral sa mga wikain sa Bisaya. Iba-iba ang mga sinuri, may nagsusuri sa mga morpolohikal na varyasyon, ponolohikal na varyasyon, pagsusuri sa mga bahagi ng pananalita, estruktura ng wika, at marami pa. Isa ito sa mga napapanahon pag-aaral na makatutulong sa kadalasang suliranin sa pagtuturo ng Mother Tongue. Nangangahulugan lamang na ang mga nakatalang resulta sa bawat talahanayan ay makabuluhan lalo na sa mga guro at mga mag-aaral dahil ang *register* na wika ay isa sa mga paksang binigyan-diin sa hayskul. Ang mga *register* na wika sa mangingisda ng *Sogod Bay Area* ay halos magkaiba at mayroon ding magkapareho ngunit bihira lamang.

## CONCLUSION AT RECOMMENDATIONS

Ang *register* ng mga mangingisda ay may kanya-kanyang barayti ang katawagan. Samakatuwid na malaking bagay na alamin kung ano ibig sabihin nito nang sa gayon ay magkakaunawaan ang

tagapagsalita at ng nakikinig, lalo na at ang mga salitang iyon ay hindi karaniwan sa lahat, tanging mga mangingisda lamang ang siyang gumagamit. Iminungkahi na bumuo ng isang glosaryo ng mga *register* na wika ng mga mangingisda sa pagsusuri sa anyong ponolohikal at morpolohikal upang mas mailalarawan ang katangian ng wika ng *Sogod Bay Area* ng *Southern Leyte* at gawing suplementaryong kagamitan sa pagtuturo.

## ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilang bahagi tesis sa graduwadong pag-aaral ng *Southern Leyte State University-Tomas Oppus* sa programang *MaEd-Filipino*.

## REFERENCES

- [1] Almario, V. (2017). *Introduksiyon sa leksikograpiya sa Filipinas*. Metro Manila: KWF.
- [2] Bautista, F. (2015). Direksiyong historikal ng mga pag-aaral panggramar ng mga wika ng Timog Bisaya (Pamanahong papel). Retrieved from [https://www.academia.edu/23851923/Direksiyong\\_Historikal\\_ng\\_mga\\_Pag-aaral\\_Panggramar\\_ng\\_mga\\_Wikang\\_Timog\\_Bisaya](https://www.academia.edu/23851923/Direksiyong_Historikal_ng_mga_Pag-aaral_Panggramar_ng_mga_Wikang_Timog_Bisaya)
- [3] Da Rosa, E. (2019). Linguistic variation in English. *Revistas de Letras*, 19 (25), 35-50.
- [4] Hernandez, T. (2019). *Language register in dried fish preservation in Calatagan, Batangas, Philippines*
- [5] Keller, J. A. (2018). Teaching Spoken Register. *The TESOL Encyclopedia of English Language Teaching*, 1-6. <https://doi.org/10.1002/9781118784235.eelt0258>
- [6] Nato, R. (2017). *Register bilang varyti ng wika*. Nakuha mula sa <https://www.slideshare.net/RochelleNato/register-bilang-varayti-ng-wika>
- [7] Pantorilla, C. et al., (2020). *Ugnayan ng wika at ideolohiya: Ang paglalarawan sa rehistro ng mga magsasaka sa Bulacan*. Retrieved mula sa <https://www.scribd.com/presentation/451349728/MAGSASAKA-SA-BULACAN>
- [8] Pasion, R. (2015). Yang pagbu'lol-bul'lok: Varyasyon ng wikang mandaya sa ilang munisipalidad ng *Davao Oriental*. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3 (2).